## *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 5*
## *Ako'y nagpapasalamat sa Dios para.... Yugto 1*

Upang maunawaan ang mga kinakailangan ng Dios sa pagtawag sa ating buhay naalala ko ang isa sa sinabi ni Pablo, ako'y nagpapasalamat sa Dios para..... Na kanyang inulit sa iba't ibang mga sulat at sa iba't ibang pangyayari. Si Pablo ay nagpapasalamat sa Dios sa tiyak na mga manggagawa, ministerio, at mga simbahan dahil sa tiyak na mga mabubuting bagay na kanilang nagawa sa Panginoon. Si Pablo ay hindi nagpasalamat sa Dios sa mga taong pinagmumulan ng gulo, kapilyuhan at hindi tapat. Sa halip sadya at tiyak, si Pablo ay nagpapasalamat sa Dios, para sa mga taong tunay na nabubuhay ng kanilang buhay upang paglingkuran ang Dios, at si Pablo ay nagpasalamat sa Dios para sa mga simbahan at mga ministerio na umaayon sa kalooban ng Dios, sa Salita ng Dios at sa tawag ng Dios.

Dito ating puntahan at siyasatin ang Banal na Kasulatan upang linangin mula sa kanila ang mga kinakailangan ng Diyos sa Pagtawag:

***1. Si Pablo ay nagpapasalamat kay Timoteo: "3 Nagpapasalamat ako sa Dios, na mula sa aking kanunununuan ay aking pinaglilingkuran sa budhing malinis, na walang patid na inaalaala kita sa aking mga daing, gabi't araw; 4 Na kinasasabikan kong makita kita, na inaalaala ang iyong mga pagluha, upang ako'y mapuspos ng kagalakan;5 Na inaalaala ko ang pananampalatayang hindi pakunwari na nasa iyo; na namalagi muna kay Loida na iyong lelang, at kay Eunice na iyong ina; at, ako'y naniniwalang lubos, na nasa iyo rin naman." (2 Timoteo 1:3-5 KJV)*** Si Pablo ay nagpapasalamat sa Dios para sa buhay ni Timoteo habang patuloy niyang inaalala si Timoteo sa kanyang pananalangin at nagbigay siya ng pasalamat sa Dios para sa kanyang buhay.

Ngunit bakit si Pablo ay inaalala si Timoteo? Sinabi ni Pablo ***"Inaalaala ang iyong mga pagluha,"*** ito'y nangangahulugang na si Timoteo ay isang taong iyakin. Anong uri ng luha na hinangaaan ni Pablo at nalusaw ang kanyang puso at nakatawag ng pansin? Marahil ito'y luha ng pananalagin. Si Timoteo ay marahil ay isang tagapamagitan na nanalangin katulad ni Jeremiah, ***"1 Oh kung ang aking ulo lamang ay maging tubig, at ang aking mga mata ay bukalan ng mga luha, upang ako'y makaiyak araw at gabi dahil sa pagkamatay ng anak na babae ng aking bayan!" (Jeremias 9:1)*** Siguradong si Timoteo ay nananalangin at umiiyak sa Dios para sa maraming tao, at tiyak siya'y tumutulong kay Pablo at dinadala ang kaniyang kabigatan sa pananalangin para sa maraming tao na maraming pangangailangan at iba't ibang katayuan sa espirituwal.

Ang mga luha ni Timoteo ay maaring maging luha ng pagsisisi at luha ng pangako sa pagibig ng Dios upang paglingkuran Siya; gaya ng pagluha ng isang babae na pinahiran ni Jesus, ***"38 At nakatayo sa likuran sa kaniyang mga paanan na tumatangis, ay pinasimulan niyang dinilig ng mga luha ang kaniyang mga paa, at ang mga ito'y kinukuskos ng buhok ng kaniyang ulo, at hinahagkan ang kaniyang mga paa, at pinapahiran ng unguento." (Lucas 7:38)*** Ikaw ba ay isang taong lumuluha na bumubuhos ang luha sa pagsisisi o umiiyak upang mamagitan para sa nawawalang kaluluwa, o para sa mga nagkakasala at kailangan manumbalik sa Panginoon?

Si Pablo ay nagpapasalamat sa Dios para sa buhay ni Timoteo sapagka't si Timoteo din ay mga katangian sa pamamagitan ng kanyang taos puso at buhay na pananampalataya. Sinabi ni Pablo, ***"Na inaalaala ko ang pananampalatayang hindi pakunwari na nasa iyo;"*** Habang si Pablo ay nagbabalik tanaw sa salaysay sa kanyang kaugnayan kay Timoteo, paano ito nagsimula, at paanong si Timoteo ay tumugon sa tawag ng Dios at ipinakita ang katapatan kay Pablo na nagsanay sa kanya, at ano ang nakamit ni Timoteo sa paglilingkod sa Panginoon kasama si Pablo, at si Timoteo ay nangangalaga at pinapastol ang Simbahan ng Epeso; sa lahat ng iyon napagtanto ni Pablo na si Timoteo ay ay mayroong taos pusong pananampalataya na nakayanan niyang makamit ang lahat ng iyon; at para sa taos puso at buhay na pananampalataya si Pablo ay nagbigay ng pasasalamat sa Dios para kay Timoteo at sa Kanyang ministerio. Ikaw ba ay isang lalaki o babae na may taos pusong pananampalataya na tapat patungo sa mga nagtuturo sa iyo at nagsasanay sa iyo at patungo sa simbahan at sa ministerio na ipinagkatiwala sa iyo?

Si Timoteo ay isang namumungang manggagawa para sa Dios at para kay Pablo na iniibig siya, nagmamalasakit sa kanya at nagsasanay sa kanya. Si Timoteo ay nagpapastol ng simbahan at ginagawa niya at sinusunod nang

eksato sa kung anong iniuutos ni Pablo sa kanya na gawin. Inaasahan ng Dios mula sa iyo na gawin ang katulad at maging katulad ng inaasahan ni Pablo kay Timoteo. Ikaw ay tinawag upang maging isang pasasalamat at taong nagbubunga sa mga taong nag-alaga sa iyo sa espirituwal. Ang Salita ng Dios na iyong pinakikinggan ay makakatulong sa iyo na makita nang eksakto kung paano mo mapagbubuti ang iyong sarili at maging isang mas mahusay na tao sa pagtugon sa tawag ng Dios.

***2. Si Pablo ay nagpapasalamat sa Dios para kay Filemon: "4 Nagpapasalamat akong lagi sa aking Dios, na ikaw ay binabanggit ko sa aking mga panalangin, 5 Sa pagkabalita ko ng iyong pagibig, at ng pananampalataya mo sa Panginoong Jesus, at sa lahat ng mga banal; 6 Upang ang pakikipagkaisa ng iyong pananampalataya, ay maging mabisa sa pagkaalam ng bawa't mabuting bagay na nasa iyo, sa kay Cristo." (Filemon 1:4-6 KJV)*** Si Pablo ay laging nagpapasalamat sa Dios para sa buhay ni Filemon habang inaalaala niya siya sa kanyang pananalangin. Binalangkas din ni Pablo ang tunay na dahilan sa likod nang pagpapasalamat na iyon.

***A. "Sa pagkabalita ko ng iyong pagibig, at ng pananampalataya mo sa Panginoong Jesus":*** Tiyak na may natatanging pananampalataya si Filemon na sinamahan ng maraming pagbabago sa buhay at saloobin na napansin ng iba at ipinalaganap ang balita tungkol dito. Bukod pa roon, isang pananampalataya na maraming marangal na kilos at gawa at maraming bunga. Ang pananampalataya mo ba ay nagdulot ng malalaking pagbabago sa iyong buhay at ginawa kang bagong mabungang tao na pinupuri ni Cristo: ***"8 Sa ganito'y lumuluwalhati ang aking Ama, na kayo'y magsipagbunga ng marami; at gayon kayo'y magiging aking mga alagad." (Juan 15:8 KJV)***

***B. "Sa pagkabalita ko ng iyong pagibig, at ng pananampalataya mo sa Panginoong Jesus":*** Ang pag ibig ni Cristo na ipinakikita sa pamamagitan ng sakripisyo at walang kundisyong pagbibigay ng pagmamahal sa iba sa paligid mo at may maraming bunga, ***"9 Kung paanong inibig ako ng Ama, ay gayon din naman iniibig ko kayo: magsipanatili kayo sa aking pagibig." (Juan 15:9)*** Mayroon ka bang pagsasakripisyo at ganap na pagibig patungo sa iba? Handa mo bang ilaan ang iyong oras, ang iyong pagsisikap, ang iyong pera, at mga pinagkukunan upang abutin ang iba at upang alagaan sila?

***C. Upang ang pakikipagkaisa ng iyong pananampalataya, ay maging mabisa sa pagkaalam ng bawa't mabuting bagay na nasa iyo, sa kay Cristo Jesus";*** Si Pablo habang siya ay nagbibigay ng pasasalamat sa Dios para sa buhay ni Filemon nakita niya ang iba pang potensyal para kay Filemon, na ang kanyang kakayahan na mag ebanghelyo at magbahagi ng Salita ng Dios sa iba. Ikaw ba ay isang tao na lagi aktibo sa pagbabahagi ng iyong pananampalataya at ginagamit mo ang lahat ng pagkakataon upang abutin ang iba ng Mabuting balita ni JesuCristo at sa Kanyang Salita?

Ang pananampalataya ng may pagibig ay magdadala sa iyo na mag ebanghelyo at ibahagi ang pagibig ni Cristo sa iba. Iyan ay gagawin kang isang tao na magdadala ng ibang mga kaluluwa kay Cristo at sa ganitong paraan ay natutupad mo ang mga kinakailangan ng pagtawag ng Dios sa iyong buhay. Gaano ka magiging pagpapala kapag sagana ka sa pagmamahal at pananampalataya at iyon ay magtatapos sa maraming kaluluwang maaani para sa Kaharian ng Dios.

***3. Si Pablo ay nagpapasalamat sa Dios para kay Titus: "16 Datapuwa't salamat sa Dios, na naglalagay sa puso ni Tito niyaong masikap na pagiingat sa inyo. 17 Sapagka't tunay na tinanggap niya ang aming pamanhik, nguni't palibhasa'y lubha siyang masikap, ay napariyan sa inyo sa kaniyang sariling kalooban." (2 Corinto 8:16-17 KJV)*** Nahirapan si Pablo na harapin at hawakan ang simbahan sa Corinto. Si Pablo dito ay nahihirapan sa kanila na makibahagi sa usapin ng pagbibigay. Ang mga taga Corinto ay mayayamang tao ngunit sila ay may pagmamataas, at nais ni Pablo na matuto silang magbigay na may saloobin ng pagpapakumbaba. Samakatuwid siya ay pabigat kung paano turuan sila na gawin iyon.Samakatuwid siya nabibigatan kung paano sila tuturuan na gawin iyon. Siya ay nanalangin at nagsusumamo na ang hangaring ito'y matupad. Si Tito ay tumugon sa pagsusumamo at nakuha niya ang parehong pag aalala at pasanin na nasa puso at isipan ni Pablo. Sa katunayan si Tito ay nagpatuloy at sa kanyang pagkukusa na pumunta at bisitahin ang simbahan sa Corinto upang turuan sila ng gayon at makamit ang layuning iyon. Handa mo bang dalhin ang pasanin ng simbahan at ministerio at kusang loob

na magkusa na gawin ang kinakailangang gawain? Ang gayong pag aalay ay magbibigay ginhawa sa mga taong nagmamalasakit at nag aakay sa iba na magpasalamat sa Diyos sa iyong buhay.

Tinawag ka ng Dios at pinili ka upang pagpalain ka at upang maging pagpapala sa iba. Sinabi ni Pablo sa mga taga Corinto na ang kanilang pagtugon sa tawag ng Dios at sa partikular sa paraan ng pagbibigay ay nagbunga ng mga sumusunod: ***"13 Palibhasa'y sa pagsubok sa inyo sa pamamagitan ng ministeriong ito ay niluluwalhati nila ang Dios dahil sa pagtalima ng inyong pagkilala sa evangelio ni Cristo, at dahil sa kagandahang-loob ng inyong ambag sa kanila at sa lahat;14 Samantalang sila rin naman, sa panalanging patungkol sa inyo, ay nananabik sa inyo dahil sa saganang biyaya ng Dios sa inyo." (2 Corinto 9:13-14 KJV)***

- Ingatan ang mensahe sundin ang mga alituntuning ito at maging tapat sa Dios at sa mga tagubilin na iyong natanggap.
- Ang iyong kusang loob na suportahan ang gawain ay magbibigay ng kaluwalhatian at papuri sa Dios. Makakilala ng iba ang Dios sa pamamagitan ng iyong pagbibigay at pagbabahagi ng Salita ng Dios at pagiging mabuting halimbawa sa kanila. Ang iyong taos pusong pananampalataya at iyong pagibig patungo sa Dios at sa Kanyang gawain at sa iyong pagibig para sa lahat ng banal, ay magiging mabuting halimbawa sa iba na makita at sundin at lumapit sa Dios sa pamamagitan ng iyong estilo buhay at kung paano ka namumuhay at lumakad kasama ang Dios.

***4. Si Pablo ay nagpasalamant para sa Taga Tesalonica:*** Mula sa mga sulat ni Pablo sa mga taga Tesalonica, maari mong balangkasin ng higit ang mga kinakailangan at mga pahiwatig upang matupad ang pagtawag ng Dios sa iyong buhay.

***A. "1 Si Pablo, at si Silvano, at si Timoteo, sa iglesia ng mga taga Tesalonica sa Dios Ama at sa Panginoong Jesucristo: Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaan. 2 Nangagpapasalamat kaming lagi sa Dios dahil sa inyong lahat, na aming binabanggit kayo sa aming mga panalangin; 3Na aming inaalaalang walang patid sa harapan ng ating Dios at Ama, ang inyong gawa sa pananampalataya at pagpapagal sa pagibig at pagtitiis sa pagasa sa ating Panginoong Jesucristo;" (1 Tesalonica 1:1-3 KJV)*** Binanggit ni Pablo sa mga taga Tesalonica na siya ay sumasa kay Silas at si Timoteo ay palaging nagpapasalamat sa Dios para sa kanilang buhay at palaging inaalala sila sa kanilang pananalangin. Mayroon dahilan sa likod nito; sapagka't naaalala nila ang mabuting gawa at paggawa at ang pagtitiyaga ng mga taga Tesalonica na gumagawa at namumuhay para sa Panginoon. Sinabi ni Pablo ***"3 Na aming inaalaalang walang patid sa harapan ng ating Dios at Ama, ang inyong gawa sa pananampalataya at pagpapagal sa pagibig at pagtitiis sa pagasa sa ating Panginoong Jesucristo;" (1 Tesalonica 1:3 KJV)*** Kaya ang mga taga Tesalonica ay tumutugon at nakakamit ang mga kinakailangan sa pagtawag ng Dios sa paraan na sila'y naglilingkod sa Panginoon. Suriin mo ngayon ang iyong buhay at ang iyong paraan ng pamumuhay. Kumikilos ka ba nang may pananampalataya, pagibig, at pagasa sa Panginoon o naglilingkod ka ng may galit, pagmamaktol, at dahil pinilipilit ka lamang? Tinanggap ng mga taga Tesalonica ang bagong buhay kay Cristo, at ang pagdurusa para sa Kanya na may kusang loob na tumalima sa Kanyang kalooban. Ang nais ng Dios ay matupad ang pagtawag ng Dios sa iyong buhay na may parehong pag uugali at marangal na katangian gaya ng mga taga Tesalonica. Ang nais ng Dios ay maging handa kang magdusa para sa Kanya at upang magtiyaga sa paninindigan kahit hanggang sa dulo habang ikaw ay lumalakad sa makipot na daan.

***B. "13 At dahil naman dito kami ay nangagpapasalamat na walang patid sa Dios, na nang inyong tanggapin sa amin ang salita na ipinangaral, sa makatuwid baga'y ang salita ng Dios, ay inyong tinanggap na hindi gaya ng salita ng mga tao, kundi, ayon sa katotohanan, na salita ng Dios, na gumagawa naman sa inyo na nagsisisampalataya." (1 Tesalonica 2:13 KJV)*** Sinabi ni Pablo sa mga taga Tesalonica na siya ay nagpapasalamat sa Dios para sa kanilang buhay sapagkat nang si binigyan sila ni Pablo ng Salita ng Diyos hindi nila tinanggap iyon bilang makataong salita kundi bilang tunay na Salita ng Dios. At ang panukala ni Pablo para doon sa mga taga Tesalonica ay ang mga sumusunod: ***"14 Sapagka't kayo, mga kapatid, ay nagsitulad sa mga iglesia ng Dios na nasa Judea kay Cristo Jesus: sapagka't nagsipagbata naman kayo sa inyong sariling mga kababayan, gaya naman nila sa mga Judio;" (1 Tesalonica 2:14 KJV)*** Ang mga taga Tesalonica ay nagpakita ng kanilang pagtanggap sa mensahe ni Pablo bilang tunay na salita na nagmula sa Dios nang handa silang pagusigin at iwanan kahit mula sa kanilang sariling bayan. Handa ka ba talagang pag usigin alang alang kay Cristo at handang

manindigan at tumalima sa Salita ng Dios? Marami sa mga tao kapag natanggap at tinanggap nila ang Salita ng Dios ayaw na nilang tanggapin ang paghihigpit at paguusig dahil sa Salita ng Dios. Ang pagtanggi mula sa sanglibutan at kahit mula sa mga pinakamalapit ay asahan at ang iyong kagustuhan na tanggapin iyon at tiisin ito ay kailangan buhat sa iyo upang matupad ang pagtawag ng Dios sa iyong buhay. Ang iyong kaibigan, ang iyong mga kasapi ng pamilya, ang iyong mga magulang, ang iyong mga anak, ang iyong kabiyak at kahit ang iyong mga kamaganak ay maaring pagusigin ka dahil sa Salita ng Dios, ngunit kailangan mong maging handa upang pagdaanan ang lahat ng ito. Huwag kang panghinaan ng loob o sumuko dahil sa paguusig. Alang alang kay Cristo kailangan mong tiisin iyon at sa huli upang tanggapin ang korona ng buhay.

***C. "1 Kaya't nang hindi na kami mangakatiis, ay minagaling naming maiwang nangagiisa sa Atenas; 2 At aming sinugo si Timoteo, na aming kapatid at ministro ng Dios sa evangelio ni Cristo, upang kayo'y kaniyang patibayin at aliwin, tungkol sa inyong pananampalataya; 3 Upang ang sinoma'y huwag mabagabag sa pamamagitan ng mga kapighatiang ito; sapagka't kayo rin ang nangakaaalam na itinalaga kami sa bagay na ito. 4 Sapagka't sa katotohanan, nang kami ay kasama ninyo ay aming sinabi nang una sa inyo na kami ay mangagbabata ng kapighatian; gaya nga na nangyari, at nalalaman ninyo. 5 Dahil dito naman, nang hindi ko na matiis pa, ako'y nagsugo upang matalastas ko ang inyong pananampalataya, baka sa anomang paraan kayo'y nangatukso ng manunukso, at ang aming pagpapagal ay mawalan ng kabuluhan.6 <u>Datapuwa't nang si Timoteo ay dumating sa amin ngayon na buhat sa inyo, at nagdala sa amin ng mabubuting balita tungkol sa inyong pananampalataya at pagibig, at laging kami'y inaalaalang mabuti ninyo, na ninanasang makita kami na gaya naman namin sa inyo</u>; 7 Dahil dito'y nangaaliw kami, mga kapatid, tungkol sa inyo sa pamamagitan ng inyong pananampalataya sa lahat naming kagipitan at kapighatian: 8 Sapagka't ngayon ay nangabubuhay kami, kung kayo'y nangamamalaging matibay sa Panginoon. 9 <u>Sapagka't ano ngang pagpapasalamat ang aming muling maibibigay sa Dios dahil sa inyo, dahil sa buong kagalakan na aming ikinagagalak dahil sa inyo sa harapan ng aming Dios</u>;" (1 Tesalonica 3:1-9 KJV)*** Si Pablo ay nagpapasalamat sa Dios sa buhay ng mga taga Tesalonica pagkatapos niyang marinig ang ulat ni Timoteo, na ipinadala niya upang malaman ang tungkol sa kanila at paano ang mga bagay na nangyayari sa kanila. Ito ay sa mahabang panahon na si Pablo ay nahiwalay mula sa mga taga Tesalonica at siya ay nanabik na marinig buhat sa kanila at upang malaman ang balita tungkol sa kanila, at mula ng siya ay hindi na kayang pumuroon sa kanila, at dahil natatakot siya na ang Diablo ay maaring tuksuhin sila, sa wakas ay ipinadala niya si Timoteo na nagdala ng mabuting ulat tungkol sa kanilang buhay. Ang mga taga Tesalonica ay tumugon sa tawag ng Dios na naisalarawan sa pahayag na ito ni Pablo buhat sa ulat ni Timoteo: ***"6 Datapuwa't nang si Timoteo ay dumating sa amin ngayon na buhat sa inyo, at <u>nagdala sa amin ng mabubuting balita tungkol sa inyong pananampalataya at pagibig, at laging kami'y inaalaalang mabuti ninyo, na ninanasang makita kami na gaya naman namin sa inyo</u>;" (1 Tesalonica 3:6 KJV)*** Ang mga taga Tesalonica ang kanilang pananampalataya ay sinamahan ng mabuting mga gawa sa pagtugon sa Salita ng Dios at sa katuruan na kanilang natanggap mula kay Pablo. Handa nilang gawin ang mabuting gawain na na nauna ng inihanda ng Panginoon para sa kanila na gawin, at iyon ay kung paano nila ipinahayag ang kanilang kagalakan sa Dios at kay Pablo na siyang nagpakilala kay Cristo sa kanila.

Tinutupad ng mga taga Tesalonica ang pagtawag ng Dios sa kanilang buhay habang mayroon silang patuloy na mabuting alaala para kay Pablo at ang kanilang hangarin ay makita siya at makasama siyang muli. Iyon ay pinagtibay na sila'y naayon sa pagtawag ng Dios sa kanilang buhay at iyon ang nagudyok kay Pablo upang magbigay ng pasasalamat sa Dios para sa kanilang buhay. Kapag naipahayag mo ang katulad patungo sa mga nagbabantay sa iyong buhay at nangangalaga at nagsisilbi sa iyong espirituwal na pangangailangan, ikaw ay nagpapahayag ng pananampalataya, katapatan at pagkamasunurin sa Dios, at iyon ay gagantimpalaan ka. Sa karagdagan ang ganitong paguugali ay magbibigay ng kagalakan at kaginhawaan sa mga nangangalaga para sa iyo, na napagtanto nila na ang kanilang gawa ay hindi sa walang kabuluhan, at iyon ang maghihikayat sa kanila na patuloy na magpatuloy at abutin ang bagong mga tao para kay Cristo at pangalagaan sila.

***D. "13 Nguni't kami ay nararapat na magpasalamat sa Dios dahil sa inyo, mga kaapatid na minamahal sa Panginoon, sa pagkahirang sa inyo ng Dios buhat nang pasimula sa ikaliligtas sa pagpapabanal ng Espiritu at pananampalataya sa katotohanan." (1 Tesalonica 2:13 KJV)*** Marami ang nagnanais na tanggapin si Cristo upang tanggapin ang kaligtasan ngunit ikinakaila at tinatanggihan nila ang gawaing pagpapabanal ng Banal na Espiritu sa kanilang buhay. Si Pablo ay nagbigay ng pasasalamat para sa buhay ng mga taga Tesalonica bilang

ipinapasailalim nila ang kanilang sarili sa pagpapabanal na gawain ng Banal na Espiritu. Ang kanilang kaligtasan ay nailathala at naipakita sa pamamagitan ng pagpapabanal na gawain ng Banal na Espiritu at iyon ay kung paano sila'y tumugon sa tawag ng Dios sa kanilang buhay at iyon ay kung paanong nagudyok kay Pablo na magbigay pasasalamat sa Dios sa kanilang buhay. Handa ka ba na hayaan ang Banal na Espiritu na gumawa sa iyong buhay upang pabanalin ka at linisin ang mga maling paguugali at gawin kang tao na nais ng Dios na maging?

Magpakumbaba ka at tanggapin ngayon ang kamay ng Dios na hulmahin ka na maging mabungang tao na ang pasasalamat ay maibibigay sa Diyos alang alang sa iyong buhay.

Ang nasa itaas na katangian na nagpapakilala kina Timoteo, Filemon, Titus and sa simbahan ng mga taga Tesalonica at kung paano ang bawat isa ay tumugon sa pagtawag ng Dios ay mabuting pagudyok sa iyo upang matuto sa kanila at ilapat iyon sa iyong buhay upang matupad ang pagtawag ng Dios sa iyong buhay upang maging mabunga at mamunga sa iyong buhay para sa Panginoon.

***Ang aking Panalangin:*** *Ama naming Dios ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus . Panginoon salamat sa malinaw mong Salita sa akin at sa mabubuting halimbawa na aking natutunan mula kay Timoteo, Filemon, Titus at ang simbahan ng mga taga Tesalonic kung paano ko tuparin ang pagtawag mo sa akin.*

*Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang mabago ang aking buhay at paguugali at upang umayon sa huwaran ng Banal na Kasulatan na napag aralan ko sa mensaheng ito.*

*Panginoon ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan* ______________________________________________.

*Ating ihayag at talikuran ang ating mga kasalanan sa Dios* __________________.

*Panginoon ipinagkakatiwala ko aking sarili na maging pagpapala sa iba. Panginoon bigyan mo ako ng higit na pagibig at pananampalataya at taos pusong paglilingkod sayo, at puspusin ako ng Banal na Espiritu at ibigay sa akin ang espirituwal na mga kaloob na aking kailangan para sa aking palilingkod at ministerio sa iyo.*

*Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili sa mga tuntunin ng paggawa at paglilingkod sa iyo sa pananampalataya at pagibig at sa paggawa na iyong inihanda para sa akin na gawin; aalalahanin at ilalapat ang mabuting halimbawa ng iyong lingkod na itinuro sa akin ng Salita ng Dios, at ipinakita ang kagalakan sa iyo para sa kanilang paglilingkod sa akin at pagpapasakop ng aking sarili sa gawain ng pagpapabanal ng Banal na Espiritu. Panginoon bigyan mo ako ng pagtitiyaga at protektahan ako habang ako'y desididong manindigan sa pagpapanatili at paglalapat ng mismong Salita ng Dios.*

*Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na nagtalaga ng kanilang buhay sa Salita ng Dios. Panginoon puspusin mo sila ng Banal na Espiritu at ibigay mo sa kanila ang mga kaloob ng Banal na Espiritu na kailangan nila upang sila'y makapaglingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain sa paraan na nais mo sa kanila na gawin. Panginoon tulungan mo sila na maging pagpapala sa iba at pangunahan sila na mamuhay ng isang buhay ng pagiging mabuting halimbawa sa iba upang dalhin sila sa iyong Kaharian.*

*Panginoon tulungan kami bilang isang simbahan upang makapagebanghelyo at upang ipalaganap ang iyong Salita at abutin ang iba ng Mabuting Balita ni Jesus at idisipulo sila. Panginoon tulungan kami upang makapagtanim ng maraming pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa anomang kapahamakan upang hindi namin madama ng sakit. Sumaamin nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ng pagibig ng Dios at ng pakikipagkaisa ng Banal n Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan

Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.